

Limang Tula Mula Sa Librong *Paroles* Ni Jacques Prevert

Rosalinde Fleur Zapata, tagasalin

Isang kilalang makata at manunulat na Pranses si Jacques Prevert (1900-1977). Ang kanyang limang tulang isinalin ko mula sa Pranses patungo sa Filipino ay hango sa isang koleksyon na pinamagatang *Paroles*. Umani ng malaking tagumpay nang unang lamabas noong 1946.

Bilang makata, kilala si Prévert sa paggamit ng mga payak na pangungusap at mga salitang hindi mahirap unawain ngunit may malalim na mensaheng ipinapahiwatig. Isang patunay sa nasabing stilo ni Prévert ay ang tulang “Déjeuner du Matin.”

Karaniwang tema sa mga tula ni Prevert ang iba’t-ibang lugar sa Paris at ang pang-araw-araw na pamumuhay noong panahong niya. Kung minsan naman, pinapaksa niya ang pag-ibig, kabataan, at ang walang humpay na paghahanap ng personal na kaligayahan. Litaw na litaw ang mga temang ito sa limang tulang sinalin ko. Matatagpuan ito sa seksyong “Kalungkutan at Kawalan ng Pag-Asa.”

Pananghalian sa Umaga

Ibinuhos niya ang kape sa tasa
Ibinuhos niya ang gatas sa tasa ng kape
Nilagyan niya ng asukal ang kapeng may gatas
Gamit ang isang kutsarita, hinalo niya ang kapeng may gatas
Ininom niya ang kapeng may gatas
Ibinaba niya ang tasa ng kapeng may gatas
Na hindi man lamang ako kinakausap.
Nagsindi siya ng sigarilyo
At lumikha ng bilog-bilog mula sa usok na kanyang ibinuga
Itinaktak niya ang abo sa ash tray
Na hindi man lamang ako kinakausap.
Na hindi man lamang ako tinitignan.
Tumayo siya.
Isinuot ang kanyang sombrero
At dahil umuulan, isinuot niya ang kanyang kapote.
Umalis siya.
Lumakad sa ilalim ng ulan
Na wala man lamang sinabing anuman
Na hindi man lamang ako tinignan.
At ako
Ibinaon ko ang aking mukha sa aking palad
At lumuha na lamang.

Ang Lalaking Desperadong Nakaupo sa Bangko

Sa isang bangko sa may plaza
May lalaking tatawagin ka sa iyong pagdaan
Nakasalamin at kasuota'y kulay abo.
Humihitit ng maikling tabako habang nakaupo sa bangko
Tatawagin ka sa iyong pagdaan
O kaya'y sesenyasan ka
Hindi mo siya dapaat tingnan
Hindi mo siya dapat pakinggan
Dumaan ka lamang
Na parang hindi siya nakikita
Na parang hindi siya naririnig
Kailagnang bilisan ang paglakad
Kung pagmamasdan mo siya
Kung pakikinggan mo siya
Sesenyasan ka niya at walang kahit anuman
Ang makapigil sa iyo na pumunta at umupo sa tabi niya
Kaya titignan ka niya at ngingitian
At labis kang magdurusa
At patuloy ngigiti ang lalaki
At ngigiti ka ng katulad ng kanyang pagngiti
Parehong-pareho
Ang labis mong pagngiti ay labis mo ring pagdurusahan
Ang labis mong pagdurusahan labis rin ang iyong pagngiti
Walang katapusan
Nandyan ka lamang
Nakaupo at hindi gumagalaw
Nakangiti habang nakaupo sa bangko
Mga batang naglalaro na sadyang malapit sa tabi mo
Mga taong dumadaan nang matahimik
Lumilipad ang mga ibon
Nililisan ang mga puno
Upang lumipat sa ibang puno
Habang nandyan ka lamang
Nakaupo sa bangko
At alam mo alam mo
Na hindi ka na kailanman makapaglalaro
Kagaya ng mga bata
Alam mo na hindi ka kailanman makadadaan
Nang matahimik
Kagaya ng mga taong dumadaan
Na hindi ka na kailanman makalilipad
Lisanin ang isang puno para lumipat sa iba
Kagaya ng mga ibon.

Ang Salaming May Lamat

Ang maliit na batang lalaki na hindi tumitigil sa pag-awit
Ang maliit na batang lalaki na sumasayaw sa aking isipan
Ang maliit na batang lalaki ng aking kabataan
Na pinutol ang sintas ng kanyang sapatos
At lahat ng maliliit na
Tindahan sa perya
Sa isang iglap ay gumuho
At sa katahimikan ng kasiyahan
Narinig ko ang iyong tinig
masaya
Ang basag at mahina mong tinig
Munting tinig mo na may kalungkutan
Na nagmumula sa kalayuan at
tumatawag sa akin
At ipinatong ko ang aking kamay
sa aking dibdib
na labis na nababalisa
nagdurugo
Ang pitong maliliit na bubog ng salamin
Mula sa iyong ngiting kumikinang

Ang Taglagas

Isang kabayong tumatakbo
Sa gitnga ng isang makitid na daan
Nahuhulog sa kanya ang mga dahon
Pagmamahalan naming nayanig
At ang araw ay nawalan ng pintig

Linggo

Sa pagitan ng mga hilera ng puno na matatagpuan sa kalye ng mga Gobelin
Isang estatwang marmol ang gumagabay hawak ang aking kamay
Linggo ngayon at puno ang mga sinehan
Tinitingnan ng mga ibong nasa sanga ang mga tao
At yakap ako ng estatwa ngunit walang nakakakita sa amin
Maliban sa isang batang bulag na nakaturo sa amin